**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-16 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco............... Kagawad
Kgg. Ariel I. Magcalas.............. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon............... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............... Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas............... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 029-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET (1998) NG BARANGAY IV NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANDAAN APATNAPU'T SIYAM NA LIBO ISANDAAN APATNAPU'T DALAWANG PISO AT WALUMPU'T ISANG SENTIMOS (P549,142.81).

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay IV na nagkakahalaga ng P549,142.81 at ito ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T,** matapos na masuri ng Pambayang Pinuno sa badyet, at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomedang pagtibayin ito;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay nasa kapananagutan ito ng Barangay IV .

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. kag. Heidi S.Ciriaco, Celestino D. Pamatmat, Angelito U. Limjuco, Louie C. de Leon at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang taunang badyet (1998) ng Barangay IV na nagkakahalaga ng P549,142.81.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahanng ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan